4



# Sagutang Papel sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin 6

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino**
**Kuwarter 4: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024- 2025**

Ang kagamitang panturong ito ay nakalaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024- 2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**
- Deseree B. Geronimo, EdD (Paltok Elementary School- Valenzuela)
- Honeylee A. San Diego (Canumay West Elementary School- Valenzuela)

**Tagasuri:**
- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

# SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram. | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 1**: Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram. (15 minuto)

II. **Mga Layunin**:
Nauunawaan ang tekstong impormatibo (proseso)
Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram

III. **Mga Kailangang Materyales:** lapis, papel, video

IV. **Panuto**:
A.Gamit ang dayagram, ipakita ang proseso ng *Photosynthesis.*


## Kamangha-manghang Proseso ng *Photosynthesis*

Ang photosynthesis ay isa sa pinakamahalagang proseso sa kalikasan na ginagampanan ng mga halaman, Sa pamamagitan nito, ang mga halaman ay nakakagawa ng kanilang sariling pagkain at naglalabas ng oxygen, na mahalaga para sa buhay ng iba't ibang mga organismo sa mundo. Narito ang pangunahing mga hakbang sa photosynthesis:


1. Pagkuha ng Liwanag: Ang mga halaman ay gumagamit ng pigmented na molekula na tinatawag na chlorophyll upang masaliksik ang liwanag ng araw. Ang chlorophyll ay nasa mga kloroplasma, at ito ang nagbibigay sa mga halaman ng kanilang berdeng kulay.
2. Pagkuha ng Tubig: Ang mga halaman ay kumukuha ng tubig mula sa kanilang mga ugat. Ang tubig na ito ay pagmamay-ari ng mga hydrogen atoms, na magiging mapagkukunan ng mga elektron para sa mga reaksiyon sa photosynthesis.
3. Pag-absorb ng Carbon Dioxide: Ang mga halaman ay kumukuha ng carbon dioxide mula sa paligid sa pamamagitan ng mga mikroskopikong pores na tinatawag na

stomata. Ang CO2 ay kinakailangan para sa pagbuo ng mga organic compound sa proseso ng photosynthesis.

4. Pagpapalabas ng Oxygen: Ang mga halaman ay naglalabas ng oxygen sa paligid bilang isang gas. Ito ang gas na kinakailangan ng maraming mga organismo, kabilang ang tao, para sa kanilang paghinga.




**B.**Panoorin ang Video mula sa https://www.youtube.com/watch?v=fwtC5XZcMqY na pinamagatang "Bakit Umuulan? Gamit ang dayagram. Ipakita ang proseso ng pag-ulan.




**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

**Panuto:** Basahin ang teksto tungkol sa pagluluto ng adobo. Gamit ang dayagram sa ibaba, ibigay ang proseso ng pagluluto ng adobo**.**

**Paborito ng Pinoy**

Ang adobo ay isa sa mga paborting ulam ng mga Pinoy. Ito ay isang uri ng ulam na kadalasang iniluluto sa suka, toyo, bawang, at iba pang mga pampalasa. Ang pagluluto ng adobo ay isang proseso na sumisimbolo sa kasaysayan at kultura ng mga Pilipino. Narito ang proseso ng pagluluto ng Adobo, ihanda ang mga sumusunod na sangkap manok, baboy, o iba pang karne tulad ng baka o kambing, suka, toyo, bawang, dahon ng laurel, asukal, at paminta. Siguraduhin na ang karne na gagamitin ay nahugasan. Ang karne at bawang ay hiwain na may tamang sukat.

Sa isang kawali, igisa ang bawang , idagdag ang karne at lutuin ito hanggang maging *light brown* ang kulay. Idagdag ang toyo, suka, dahon ng laurel, at paminta. Haluin ang mga ito ng mabuti at hayaang kumulo ng ilang minuto..Pagkatapos kumulo ng ilang minuto, babaan ang apoy at hayaang maluto ang adobo ng mga 30 hanggang 45 minuto. Kapag malambot na ang karne ito ay maaari  ng ihanda at kainin.



**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Lagom ng Teksto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 2:** BASA-BUOD- Pagbibigay ng lagom ng tekstong nabasa (20 minuto)

II. **Layunin:** Naibibigay ang lagom ng teksto.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Lapis at papel

IV. **Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang nilalaman ng teksto. Bumuo ng lagom batay sa mensahe na ibinabahagi ng teksto**.**

**Teknolohiya, masama nga ba?**

Sa makabagong panahon, ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay nagdudulot ng malalim na epekto sa paraan ng pagtuturo ng mga guro at pag-aaral ng mga mag-aaral. Maaaring ito ay nakabubuti o di kaya ay nakasasama. Ilan sa mga positibong epekto ng teknolohiya ay tulad na lamang na mas mapadadali ang pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon kung may nais malaman tungkol sa isang bagay. Ito rin ay nakatutulong upang mas lalong mapaunlad ang karanasan ng mag-aaral sa pagkatuto. Kaakibat ng kagandahan nang paggamit nito ay ang negatibong epekto tulad na lamang ng kakulangan ng *social interaction* ng mga mag-aaral lalo na kung madalas ang paggamit nito, nalilimitahan ang pakikipag-usap sa ibang tao. Nakasasama rin sa kalusugan ang labis na paggamit nito. Upang mas maging epektibo ang paggamit ng teknolohiya kinakailangan maging responsable sa pag gamit nito.

**Lagom ng teksto:**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________.

**Hamon sa Bansa**

Ang kahirapan ay isa sa pangunahing hamon sa maraming bansa sa buong mundo. Isa na rito ang Pilipinas, maraming pamilya ang nakararanas ng kakulangan sa pangunahing pangangailangan. Ang kawalan ng trabaho, at kawalan ng oportunidad ay ilan lamang sa mga dahilan kung bakit maraming Pilipino ang patuloy na naghihirap. Sa kabila ng mga ito ay umaasa pa rin at naniniwala ang Pilipino sa pag-unlad ng kanilang pamumuhay. Kaagapay ng bawat Pilipino ang pamahalan na kung saan sila ay nagbibigay pag-asa at solusyon sa paghihirap na kanilang kinahaharap. May mga programa ang pamahalan para sa mga Pilipinong nangangailangan ng maayos na pamumuhay. Ilan sa mga ito ay ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), Tulong Panghanapbuhay Sa Ating Disadvantaged / Displaced Workers (TUPAD), Solo Parents Welfare Act,Farm to School, at iba't ibang mga *livelihood program*. Ang pagpapatupad ng mga programang ito ay labis na makatutulong sa bawat Pilipino upang magkaroon ng magandang kinabukasan at maayos na pamumuhay.

**Lagom ng teksto:**

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paggamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.**<br>a. Pandiwa –Aspekto (magaganap/kontemplatibo) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 3:** HanaPandiwa (20 minuto)

II. **Mga Layunin:** Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.
Pandiwa –Aspekto (magaganap/kontemplatibo)

III. **Mga Kailangang Materyales:** Lapis at papel

IV. **Panuto:** Pag-aralan ang nilalaman ng brochure tungkol sa Balik Eskwela 2024**.** Itala ang mga pandiwang kontemplatibo na ginamit sa pagpapahayag ng impormasyon.




| **Pandiwang Kontemplatibo** |
|---|
| |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)

Panuto: A. Piliin at bilugan ang angkop na pandiwang bubuo sa diwa ng pahayag sa teksto.


### Bakasyon, Pagkatapos ng Klase!

Malayo pa lang ay inaasam-asam ko na ang darating na bakasyon. Ito kasi ang panahon na nakapagpapahinga tayo sa mga gawain sa paaralan. Sabi ni nanay, ***(uuwi, umuwi)*** raw kami sa probinsiya ng Quezon upang makapagbakasyon doon. Naisip ko, ano-ano kaya ang maaari kung gawin kapag nadoon na kami. Inilista ko na ang mga plano ko upang pagdating doon ay alam ko na ang aking mga gagawin.

Una, ***(naligo, maliligo)*** kami ng mga pinsan ko sa ilog. May malaking ilog kasi na malapit sa bahay ng aking lolo at lola. Ikalawa, ***(namitas, mamimitas)*** din ako ng mga bunga ng mangga at santol sa katabing puno ng bahay namin doon. Kasunod noon, ***(nagluto, magpapaluto)*** ako kay lola ng masarap na ginataang bilo-bilo para makatikim akong muli ng mga luto niya. At sa huli, ***(naglaro, maglalaro)*** kami ng mga pinsan ko pagkatapos naming maligo sa ilog.

**B**. Isulat sa loob ng dayagram ang mga hakbang ng pagkakasunod-sunod ng mga planong gawain ng nagsasalaysay sa kuwento.

Pamagat: ____________________________________________



**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagbuo ng Tekstong Biswal | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 4: Tekstong Biswal (25 minuto)**

II. **Layunin:** Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Lapis at papel

IV. **Panuto:** Bumuo ng isang anunsiyo o patalastas tungkol sa pagdiriwang ng Pista sa inyong lugar. Gawin ito sa isang *short bondpaper*

| ***Rubriks ng Gawain*** | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | ***Indikeytor*** | ***Puntos*** | ***Natamong Puntos*** |
| 1. Kaangkupan sa Konsepto | Malinaw at angkop ang mensahe | 4 | |
| 2.Pagkamalikhain | Gumamit ng tamang kumbinasyon ng kulay upang maipahayag ang mensahe at nilalalaman | 3 | |
| 3. Kabuohang Presentasyon | Malinis at maayos ang kabuohang anunsiyo o patalaastas. | 3 | |
| | | **Kabuohan** | |

**Napiling pista:**

**Lugar:**

______________________________________________

**(Pamagat ng anunsiyo o patalastas)**